**Mensahe para sa Mga Agent sa Pulong ng Konseho sa Hunyo 2026**

Mga kapatid,

Father’s Day na sa Hunyo 21. Kung tatanungin kayo kung ano ang mga kalidad ng isang mabuting ama, ano ang sasagi sa isip ninyo?

Posibleng ang nasa isip ninyo ay isang taong namumuno sa pamamagitan ng gawa, masipag, nagsasakripisyo, at walang kondisyon kung magmahal.

Sa tingin ko, ang isa sa pinakamahahalagang paraan para maipakita ng isang ama ang kanyang pagmamahal ay kapag pinoprotektahan niya ang kanyang pamilya sa mundong ito na puno ng kawalan ng kasiguraduhan.

Halimbawa, hindi natin palaging kontrolado ang mga puwedeng maging impluwensya ng mundo sa buhay ng ating pamilya. Kaya naman alam ng isang ama na mahalagang protektahan ang kanyang pamilya sa espiritwal na paraan, sa pamamagitan ng pamumuno nang may halimbawa sa pananampalataya.

Hindi rin natin kayang hulaan ang mga puwedeng mangyari na posibleng makaapekto sa kakayahan nating maitaguyod ang ating pamilya. Palagi ba tayong may trabaho? Paano kung ma-disable tayo nang pangmatagalan? At, ayaw man nating isipin, paano kung tawagin na tayo ng Maykapal sa panahong hindi natin inaasahan?

Maraming hindi sigurado, pero may mga puwede kayong gawin para protektahan at i-secure ang inyong pamilya. Halimbawa, mapoprotektahan ninyo ang inyong mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng life insurance, long-term care insurance, at disability income insurance.

Bago ako matapos, gusto kong ibahagi ang isang kuwento tungkol sa ating Founder, si Blessed Michael McGivney. Noong 20 taong gulang siya at nasa seminaryo, namatay ang kanyang amang si Patrick. Dahil dito, nag-alangan ang kabataang si Michael kung kailangan niya bang lumabas ng seminaryo at magtrabaho sa pabrika para itaguyod ang kanyang mga kapatid at nabalong ina. Buti na lang, tumulong ang kanyang obispo at nagbigay ng pinansyal na suporta para maipagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral bilang pari.

Dahil sa karanasang ito, naranasan mismo ni Father McGivney kung paano puwedeng magdulot ng kawalan ng kasiguraduhan sa pamilya ang pagkamatay ng isang mahal sa buhay.

Noong itinatag niya ang Knights of Columbus, nagsimula siya ng Order na nagbibigay-daan sa mga Katolikong kalalakihan gaya ninyo na maging tagapagtanggol ng kani-kanilang pamilya — kahit sa gitna ng pinakamatitinding unos ng buhay.

Iniimbitahan ko kayong makipag-usap sa akin para suriin ang kasalukuyan ninyong proteksyon o para matulungan ko kayong hanapin ang proteksyong tutugma sa mga pangangailangan ng inyong pamilya. Ikalulugod ko ring magbahagi ng ilan sa iba pang serbisyong ino-offer ng aming mga affiliate, kabilang ang Knights of Columbus Asset Advisors at Knights of Columbus Charitable Fund.

Salamat!

*Ang Knights of Columbus Asset Advisors ("KoCAA"), Knights of Columbus Charitable Fund ("KCCF"), at Knights of Columbus ("KofC") ay mga affiliated na entity na magkakabukod na nagbibigay ng magkakahiwalay at magkakaibang product at service. Hindi inirerekomenda o ineendorso ng Knights of Columbus ang KoCAA o KCCF. Hindi Rehistradong Tagapayo sa Investment ang KofC at KCCF at hindi sila nagbibigay ng payo sa investment. Para sa mga taong interesado sa mga service ng KoCAA sa pagpapayo sa investment, dapat silang makipag-ugnayan nang direkta sa KoCAA. Hindi nag-o-offer ang KOCAA at KCCF ng insurance, at dapat idirekta sa KofC Insurance ang lahat ng tanong na may kaugnayan sa insurance. Ang impormasyong nakapaloob dito ay para lang sa pagbibigay ng impormasyon, at hindi ito idinisenyo para maging legal na payo, payo sa buwis, pinansyal na payo, o iba pang propesyonal na payo.*

*Ang KoCAA ay isang tagapayo sa investment na rehistrado sa SEC na may pangunahing lugar ng negosyo sa State ng Connecticut. Para sa impormasyon tungkol sa mga pangnegosyong operasyon ng KoCAA, pakikonsulta ang mga Form ADV disclosure document ng Firm, ang mga pinakabagong bersyon ng mga ito ay makikita sa website ng Investment Adviser Public Disclosure ng SEC sa adviserinfo.sec.gov. Ang KoCAA ay isang ganap na pag-aaring subsidiary ng KofC, isa sa pinakamalalaking Katolikong Organisasyong Laiko sa buong mundo. May kaakibat na risk ang pag-invest, at puwede kayong kumita o malugi sa mga investment ninyo. Ang status ng KoCAA bilang Rehistradong Tagapayo sa Investment ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng isang partikular na antas ng kakayahan o pagsasanay. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa KoCAA.com o sumulat sa kofdunds@kofcassetadvisors.org.*

*Ang KCCF ay isang independent, nonprofit, at pampublikong charity na may donor-advised fund program. Iba-ibang entity na affiliated sa KofC ang nagbibigay sa KCCF ng mga partikular na serbisyo sa pamamahala ng investment at pang-administratibong serbisyo. Ang KoCAA ang tumatayong investment manager ng KCCF, at ang mga asset ay ini-invest sa mga investment fund na pinapamahalaan ng KoCAA. Mag-iiba-iba ang value ng isang invested na donasyon sa paglipas ng panahon at puwede itong kumita o malugi. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang knightscharitable.org.*

*Ang life insurance, mga annuity, long term care insurance, at disability income insurance product ay ino-offer sa pamamagitan ng Knights of Columbus, One Columbus Plaza, New Haven, CT 06510.*

20676 5/2026